# Ang Kailangan Ninyong Malaman Kapag Nakatanggap Kayo ng Mga Benepisyo para sa Retirado o Mga Survivor

## Ang nilalaman


| | |
|---|---|
| Panimula | 1 |
| Tungkol sa inyong mga benepisyo | 1 |
| Mga serbisyong inaalok namin | 3 |
| Ang kailangan ninyong iulat sa amin | 4 |
| Pagtatrabaho at pagtanggap ng Social Security nang magkasabay | 8 |
| Iba pang mahalagang impormasyon | 11 |
| Tungkol sa Medicare | 13 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 16 |


## Panimula

Ipinapaliwanag sa booklet na ito ang ilan sa inyong mga karapatan at responsibilidad kapag tumanggap kayo ng mga benepisyo para sa retirado at mga survivor.

Iminumungkahi naming maglaan kayo ng oras ngayon upang basahin ang booklet na ito, at pagkatapos ay itabi ito sa isang ligtas na lugar upang magamit bilang sanggunian sa hinaharap.

Kung nakakatanggap din kayo ng mga pagbabayad ng Supplemental Security Income (SSI), basahin ang *What You Need to Know When You Get Supplemental Security Income (SSI)* (Publication No. 05-11011).

## Tungkol sa inyong mga benepisyo

### Kailan at paano namin binabayaran ang inyong mga benepisyo

Buwanan naming binabayaran ang mga benepisyo mula sa Social Security. Binabayaran ang mga benepisyo sa buwang kasunod ng buwan kung kailan dapat bayaran ang mga ito. Halimbawa, matatanggap ninyo sa Agosto ang inyong benepisyo para sa buwan ng Hulyo. Karaniwang nakadepende ang araw ng buwan kung kailan ninyo matatanggap ang pagbabayad ng inyong benepisyo sa petsa ng kapanganakan ng taong nagmamay-ari sa tala ng mga kita na ginamit upang makatanggap kayo ng mga benepisyo. Halimbawa, kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo bilang isang retiradong

manggagawa, ibabase namin ang petsa ng pagbabayad ng inyong benepisyo sa inyong petsa ng kapanganakan. Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo batay sa trabaho ng inyong asawa, ibabase namin ang petsa ng pagbabayad ng inyong benepisyo sa petsa ng kapangakan ng inyong asawa.

| Petsa ng kapanganakan | Mga benepisyong binabayaran kada buwan sa |
|---|---|
| Ika-1 - Ika-10 | Ikalawang Miyerkules |
| Ika-11 - Ika-20 | Ikatlong Miyerkules |
| Ika-21 - Ika-31 | Ikaapat na Miyerkules |

Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo mula sa Social Security at SSI, ibibigay ang inyong pagbabayad mula sa Social Security sa ikatlong linggo ng buwan at ang inyong pagbabayad ng SSI sa unang linggo ng buwan.

## Mga elektronikong pagbabayad

Kapag nag-apply kayo para sa mga benepisyo ng Social Security, dapat ay nag-sign up kayo upang matanggap ang inyong mga pagbabayad sa elektronikong paraan.

Ang direktang pagdeposito ay isang simple at ligtas na paraan upang matanggap ang inyong mga benepisyo. Makipag-ugnayan sa inyong bangko upang tulungan kayong mag-sign up. O kaya, maaari kayong mag-sign up para sa direktang pagdeposito sa pamamagitan ng pagbubukas ng libreng *my* Social Security o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin. Maaari din ninyong piliing matanggap ang inyong pagbabayad sa pamamagitan ng card program ng Direct Express®. Sa Direct Express®, direktang papasok sa card account ang mga deposito ng mga pagbabayad mula sa pederal na pamahalaan. Mabilis at madali lang mag-sign up para sa Direct Express® card. Tumawag sa toll-free na numero ng Call Center ng Treasury Electronic Payment Solution sa **1-800-333-1795**. O kaya ay mag-sign up online sa ***www.GoDirect.org***. Maaari din kayong tulungan ng Social Security na mag-sign up.

Ang ikatlong alternatibo ay ang account para sa elektronikong paglilipat. Sa pamamagitan ng abot-kaya at may insurance mula sa pederal na pamahalaan na account na ito, makakatanggap kayo ng mga awtomatikong pagbabayad na may seguridad at walang kahirap-hirap. Maaari kayong makipag-ugnayan sa amin o bumisita sa aming website sa ***www.eta-find.gov*** upang makakuha ng impormasyon tungkol sa programang ito, o upang maghanap ng bangko, savings at loan, o credit union na malapit sa inyo na nag-aalok ng ganitong account.

Kung hindi ninyo natanggap ang inyong elektronikong pagbabayad sa petsa kung kailan ninyo ito dapat matanggap, tawagan kami kaagad sa aming toll-free na numero na **1-800-772-1213**.

Kung makatanggap kayo ng elektronikong pagbabayad na alam ninyong hindi para sa inyo, atasan ang inyong pinansyal na institusyon na ibalik ito sa U.S. Department of the Treasury. Kung sadya kayong tatanggap ng mga pagbabayad na hindi para sa inyo, maaari kayong maharap sa mga kriminal na kaso.

## Pagbabayad ng mga buwis sa inyong mga benepisyo

Humigit-kumulang 40 porsyento ng lahat ng taong nakakatanggap ng mga benepisyo mula sa Social Security ang dapat magbayad ng mga buwis sa kanilang mga benepisyo. Dapat kayong magbayad ng mga buwis sa inyong mga benepisyo kung maghahain kayo ng pederal na tax return bilang isang “indibidwal,” at ang inyong kabuuang kita ay mahigit sa $25,000. Kung maghahain kayo ng joint return, dapat kayong magbayad ng mga buwis kung ang kabuuang kita ninyo ng inyong asawa ay mahigit sa $32,000. Kung kasal at maghahain ng mga hiwalay na return, malamang na kakailanganin ninyong magbayad ng mga buwis sa inyong mga benepisyo.

Upang ikaltas ang mga pederal na buwis, maaari kayong kumuha ng Form W-4V mula sa Internal Revenue Service sa pamamagitan ng pagtawag sa kanilang toll-free na numero ng

telepono na **1-800-829-3676**, o sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website. Pagkatapos sagutan at lagdaan ang form, ibalik ito sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security sa pamamagitan ng koreo o nang personal.

Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa toll-free na numero ng Internal Revenue Service na **1-800-829-3676** upang humiling ng Publication 554, *Tax Guide for Seniors, at Publication 915, Social Security and Equivalent Railroad Retirement Benefits*. Maaari din kayong bumisita sa website ng IRS sa ***www.IRS.gov***.

## Mga serbisyong inaalok namin

### Mga libreng serbisyo ng Social Security

May ilang negosyong nag-a-advertise na makakapagbigay ang mga ito ng mga may bayad na serbisyo ng pagpapalit ng pangalan o mga card ng Social Security. Ibinibigay namin ang mga serbisyong ito nang libre, kaya huwag magbayad sa mga ito. Tawagan muna kami o bumisita sa aming website. Sa Social Security pinakamainan na makakakuha ng impormasyon tungkol sa Social Security.

### Mga update sa impormasyon

Paminsan-minsan, padadalhan namin kayo ng mahalagang impormasyon tungkol sa inyong mga benepisyo mula sa Social Security, gaya ng:

- **Mga pagbabago sa halagang kinakailangan upang makapamuhay nang maayos.** Kung tumaas ang halagang kinakailangan upang makapamuhay nang maayos, awtomatikong tataas ang inyong mga benepisyo sa Enero. Maaga naming ipapaalam sa inyo ang bagong halaga.
- **Limitasyon ng mga taunang kita.** Kung wala pa kayo sa edad na kinakailangan para sa ganap na pagreretiro, may limitasyon sa kung gaano kalaki ang maaari ninyong kitain upang patuloy na matanggap ang lahat ng inyong benepisyo mula sa Social Security. Karaniwang nagbabago ang halagang ito taun-taon. Maaga naming ipapaalam sa inyo ang bagong halaga. Para sa higit pang impormasyon, kasama ang mga limitasyon sa taong 2018, tingnan ang pahina 8-11.

### Paano kami makikipag-ugnayan sa inyo

Karaniwan namin kayong padadalhan ng sulat o abiso kapag gusto naming makipag-ugnayan sa inyo, ngunit kung minsan, maaaring may kinatawan ng Social Security na pumunta sa inyong bahay. Magpapakita sa inyo ng pagkakakilanlan ang aming kinatawan bago makipag-usap tungkol sa inyong mga benepisyo. Kung mayroon kayong anumang pagdududa sa isang taong nagsasabing ipinadala siya ng Social Security, tumawag sa tanggapan ng Social Security upang itanong kung kami ang nagpadala ng taong iyon sa inyo. At tandaan, hinding-hindi manghihingi ng pera sa inyo ang mga empleyado ng Social Security upang gawin ang isang bagay.

### Online na *my* Social Security account

Madali na kayo ngayong makakapag-set up ng ligtas na online na *my* Social Security account. Sa pamamagitan nito, ma-access ninyo ang inyong *Social Security Statement* upang matingnan ang inyong mga kita at makakuha ng mga pagtatantya sa inyong benepisyo. Maaari din ninyong gamitin ang inyong online na *my* Social Security account upang humiling ng kapalit na Social Security number card (available sa ilang estado at sa District of Columbia).

Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo, magagawa rin ninyong:

- Kunin ang sulat na nagpapatunay sa inyong benepisyo;
- Palitan ang inyong address at numero ng telepono;
- Humiling ng kapalit na Medicare card;
- Humiling ng kapalit na SSA-1099 o SSA-1042S para sa panahon ng pagbubuwis; o
- Simulan o baguhin ang inyong direktang pagdeposito.

Maaari kayong gumawa ng *my* Social Security account kung kayo ay 18 taong gulang na pataas at may Social Security number, wastong mailing address sa U.S., at isang email address. Upang gumawa ng account, pumunta sa ***www.socialsecurity.gov/myaccount***. Kakailanganin ninyong magbigay ng ilang personal na impormasyon upang kumpirmahin ang inyong pagkakakilanlan; hihilingin sa inyong pumili ng username at password; pagkatapos ay hihingin ang inyong email address. Kakailanganin ninyong piliin kung paano ninyo gustong makatanggap ng one-time na security code — sa isang cell phone na nakakatanggap ng text o sa email address na inirehistro ninyo — na kailangan ninyong ilagay kapag gumawa kayo ng inyong account. Sa tuwing magsa-sign in kayo gamit ang inyong username at password, magpapadala kami ng one-time na security code sa inyong cell phone o email address. Ang security code ay bahagi ng aming pinaigting na panseguridad na feature upang protektahan ang inyong personal na impormasyon. Tandaang maaaring malapat ang mga rate para sa text message at data ng inyong cell phone provider.

## Ang kailangan ninyong iulat sa amin

### Ang inyong mga responsibilidad

Ipaalam sa amin sa lalong madaling panahon kapag may nangyari sa mga pagbabagong nakalista sa seksyong ito.

***TANDAAN:*** *Ang hindi pag-uulat ng pagbabago ay maaaring magdulot ng labis na pagbabayad. Kung labis ang naibayad sa inyo, babawiin namin ang anumang ibinayad na hindi ninyo dapat natanggap. Gayundin, kung hindi kayong mag-uulat ng mga pagbabago sa napapanahong paraan o kung sadya kayong magbibigay ng maling pahayag, maaari naming ihinto ang inyong mga benepisyo. Para sa unang paglabag, hihinto ang inyong mga benepisyo sa loob ng 6 na buwan; para sa ikalawang paglabag,12 buwan; at para sa ikatlong paglabag, 24 na buwan.*

Maaari kayong tumawag, sumulat, o bumisita sa amin upang mag-ulat. Palaging ihanda ang inyong claim number. Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo batay sa inyong trabaho, ang inyong claim number ay ang inyong Social Security number. Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo batay sa tala sa pagtatrabaho ng ibang tao, makikita ninyo ang inyong claim number sa anumang sulat na ipapadala namin sa inyo kaugnay ng inyong mga benepisyo.

Maaaring bigyan ng iba pang ahensya ng pamahalaan ang Social Security ng impormasyon tungkol sa bagay na inulat ninyo rito, ngunit dapat din ninyong iulat ang pagbabago sa amin.

### Kung magbago ang inyong mga tinatantyang kita

Kung nagtatrabaho kayo, karaniwan naming hihilingin sa inyong tantyahin ang mga kita ninyo sa buong taon. Kung sa anumang panahon pagkatapos nito ay mapagtanto ninyong magiging mas mataas o mas bababa ang inyong mga kita kumpara sa tantya ninyo, ipaalam ito sa amin sa lalong madaling panahon upang maiayon namin ang inyong mga benepisyo. Tingnan ang “Working and getting Social Security at the same time” sa pahina 8 para sa tulong sa mga tumpak na pagtatantya.

### Kung lilipat kayo ng tirahan

Kapag may plano kayong lumipat ng tirahan, ipaalam sa amin ang bago ninyong address at numero ng telepono sa sandaling malaman ninyo ang mga ito. Kahit na natatanggap ninyo ang inyong benepisyo sa pamamagitan ng direktang pagdeposito, dapat ay alam ng Social Security ang tamang address ninyo upang makapagpadala kami ng mga sulat at iba pang mahalagang impormasyon sa inyo. Ihihinto namin ang inyong mga benepisyo kung hindi namin magagawang makipag-ugnayan sa inyo. Maaari ninyong baguhin ang inyong address sa aming website sa pamamagitan ng pagbubukas

ng *my* Social Security account. O kaya, maaari kayong tumawag sa **1-800-772-1213** at gamitin ang aming automated system.

Kung may sinumang miyembro ng pamilya na nakakatanggap ng mga benepisyo na lilipat kasama ninyo, pakisabi sa amin ang kanyang pangalan. Tiyaking maghahain din kayo ng pagbabago ng address sa inyong post office.

## Kung magbago kayo ng mga account para sa direktang pagdeposito

Kung magpapalit kayo ng pinansyal na institusyon, o magbubukas kayo ng bagong account, maaari ninyong baguhin ang iyong direktang pagdeposito online kung mayroon kayong *my* Social Security account. O kaya, maaari naming baguhin ang inyong impormasyon sa direktang pagdeposito sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono pagkatapos naming kumpirmahin ang inyong pagkakakilanlan. Ihanda ang inyong bago at lumang bank account number kapag tumawag kayo sa amin. Ang mga numerong ito ay naka-print sa inyong mga personal na check o account statement. Aabutin nang humigit-kumulang 30-60 araw ang pagbabago sa impormasyong ito. Huwag isara ang inyong lumang account hanggang sa matiyak ninyo na nadedeposito sa bagong account ang inyong mga benepisyo mula sa Social Security.

## Kung walang kakayahang mamahala ng mga pondo ang isang tao

Kung minsan, hindi kayang pamahalaan ng isang tao ang sarili niyang pera. Kung mangyari ito, dapat ay may magpaalam nito sa amin. Maaari kaming magpadala ng mga benepisyo sa isang kamag-anak, iba pang tao, o organisasyong sasang-ayong gamitin ang pera para sa kapakanan ng taong nakakatanggap ng mga benepisyo. Tinatawag namin ang tao o organisasyong ito bilang isang "kinatawang binabayaran." Para sa higit pang impormasyon, basahin ang *A Guide for Representative Payees* (Publication No. 05-10076).

***TANDAAN:*** *Ang mga taong may "legal na guardianship" o "power of attorney" para sa isang tao ay hindi awtomatikong magiging kwalipikado na maging isang kinatawang binabayaran.*

## Kung nakakatanggap kayo ng pensyon mula sa isang hindi nasasaklawang trabaho

Dapat ninyong sabihin sa amin kung magsimula kayong makatanggap ng pensyon para sa pagreretiro o kapansanan mula sa isang trabaho kung saan hindi kayo nagbayad ng mga buwis ng Social Security — halimbawa, mula sa Federal Civil Service Retirement System o ilang pension system ng estado o lokal na pamahalaan. Maaaring kailanganing muling kalkulahin ang inyong mga benepisyo mula sa Social Security, at maaaring mabawasan ang mga ito. Bukod dito, sabihin sa amin kung magbago ang halaga ng inyong pensyon.

## Kung magpakasal o makipagdiborsyo kayo

Kung magpakasal o makipagdiborsyo kayo, maaaring maapektuhan ang inyong mga benepisyo mula sa Social Security, depende sa uri ng mga benepisyong natatanggap ninyo.

Kung ihinto namin ang inyong mga benepisyo dahil sa pagpapakasal o muling pagpapakasal, maaari naming simulang muli ang mga ito kung magwakas ang bisa ng inyong kasal.

May mga halimbawa sa chart sa ibaba.

| Kung nakakatanggap kayo ng: | Ang mangyayari ay: |
|---|---|
| Sarili ninyong mga benepisyo para sa retirado | Patuloy ninyong matatanggap ang inyong mga benepisyo. |
| Mga benepisyo ng asawa | Magpapatuloy ang inyong mga benepisyo kung makikipagdiborsyo kayo at 62 taong gulang na kayo paraas, maliban na lang kung wala pa kayong 10 taong kasal. |
| Mga benepisyo ng biyudo o biyuda | Magpapatuloy ang inyong mga benepisyo kung muli kayong magpapakasal sa edad na 60 pataas.<br>Kung nasa pagitan ng 50-59 ang inyong edad at mayroon kayong kapansanan, magpapatuloy ang inyong mga benepisyo. |
| Iba pang uri ng mga benepisyo | Karaniwang hihinto ang inyong mga benepisyo sa sandaling ikasal kayo. Maaaring muling magsimula ang inyong mga benepisyo sa pagwawakas ng bisa ng inyong kasal. |

## Kung magbago ang inyong pangalan

Kung magbago ang inyong pangalan — sa pamamagitan ng pagpapakasal, pagkikipagdiborsyo, o utos ng hukuman — kailangan ninyo itong sabihin sa amin kaagad. Kung hindi ninyo ibibigay sa amin ang impormasyong ito, papasok ang inyong mga benepisyo sa luma ninyong pangalan at, kung direktang pagdeposito ang ginagamit ninyo, maaaring hindi pumasok ang mga pagbabayad sa inyong account.

## Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo dahil mayroon kayong batang inaalagaan

Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo dahil mayroon kayong batang inaalagaan na wala pang 16 na taong gulang o may kapansanan, dapat ninyong sabihin sa amin kaagad kung wala na sa pangangalaga ninyo ang bata o kung magbago ang address ng bata. Ibigay sa amin ang pangalan at address ng taong kasama ng bata sa bago niyang tirahan.

Maaaring hindi maapektuhan ng pansamantalang paghihiwalay ang inyong mga benepisyo kung kayo pa rin ang may awtoridad bilang magulang sa bata, ngunit ihihinto ang inyong mga benepisyo kung wala na kayong responsibilidad sa bata. Kung bumalik sa inyong pangangalaga ang bata, maaari kaming magsimulang magpadala muli sa iyo ng mga benepisyo.

Magwawakas ang inyong mga benepisyo kapag naging 16 na taong gulang na ang pinakabatang hindi pa nagpapakasal na bata, maliban na lang kung may kapansanan ang bata. Maaaring magpatuloy ang mga benepisyo ng batang inaalagaan ninyo gaya ng ipinaliwanag sa pahina 11-12.

## Kung may mag-ampon sa isang batang nakakatanggap ng mga benepisyo

Kapag inampon ang isang batang nakakatanggap ng mga benepisyo, ipaalam sa amin ang bagong pangalan ng bata, ang petsa ng kautusan sa pag-ampon, at ang pangalan at address ng nag-ampon na magulang. Hindi magdudulot ng pagwawakas ng mga benepisyo ang pag-aampon.

## Kung magkaroon kayo ng anak pagkatapos ninyong magsimulang makatanggap ng mga benepisyo

Kung magkaroon kayo ng anak (kasama ang inampong anak) pagkatapos ninyong magsimulang makatanggap ng mga benepisyo,

ipaalam ito sa amin upang mapagpasyahan namin kung kwalipikadong makatanggap ng mga benepisyo ang bata.

### Kung mayroon kayong kasalukuyang mabigat na kaso o mandamyento de aresto

Dapat ninyong sabihin sa amin kung mayroon kayong kasalukuyang mabigat na kaso o mandamyento de aresto para sa alinman sa mga sumusunod na pagkakasala:

- Paglipat ng lugar upang makatakas sa pag-uusig o pagkakakulong;
- Pagtakas sa institusyong kinasasadlakan; at
- Paglipat ng lugar upang tumakas.

Hindi kayo makakatanggap ng mga regular na benepisyo para sa retirado, survivor, o may kapansanan, o anumang underpayment na maaaring dapat ninyong matanggap, para sa anumang buwang may kasalukuyang mabigat na kaso o mandamyento de aresto para sa alinman sa mga paglabag na ito.

### Kung nahatulan kayo para sa isang kriminal na pagkakasala

Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo mula sa Social Security at nahatulan kayo para sa isang kriminal na pagkakasala, at nakulong sa isang koreksyonal na institusyon sa loob ng mahigit 30 sunud-sunod na araw, abisuhan kaagad ang Social Security. Kadalasang hindi ibinabayad ang mga benepisyo para sa mga buwang nakakulong ang isang tao, ngunit maaaring patuloy na makatanggap ng mga benepisyo ang iba pang kwalipikadong miyembro ng pamilya.

### Kung gumawa kayo ng krimen at isinadlak sa isang institusyon

Kadalasang hindi ibinabayad ang mga benepisyo sa mga taong gumawa ng krimen at isinadlak sa isang institusyon ayon sa utos ng hukuman at sa gastos ng publiko sa loob ng mahigit 30 sunud-sunod na araw. Nalalapat ito kung ang tao ay napag-alaman na:

- Nagkasala, ngunit baliw; o
- Hindi nagkasala nang dahil sa kabaliwan o mga katulad na salik (gaya ng sakit sa pag-iisip, problema sa pag-iisip, o kahinaan ng pag-iisip); o
- Walang kakayahang humarap sa paglilitis; o
- Sekswal na mapanganib.

### Kung aalis kayo sa Estados Unidos

Kung kayo ay isang mamamayan ng U.S., maaari kayong bumiyahe o manirahan sa karamihan ng ibang mga bansa nang hindi naaapektuhan ang inyong mga benepisyo mula sa Social Security. Gayunpaman, may ilang bansa kung saan hindi namin maipapadala ang mga pagbabayad mula sa Social Security. Ang mga bansang ito ay Azerbaijan, Belarus, Cuba, Kazakhstan, Kyrgyzstan, Moldova, North Korea, Tajikistan, Turkmenistan, Ukraine, at Uzbekistan. Gayunpaman, maaari kaming magsagawa ng mga pagbubukod para sa ilang partikular na kwalipikadong benepisyaryo sa mga bansang ito maliban sa Cuba at North Korea. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pagbubukod na ito, makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security.

Ipaalam sa amin kung plano ninyong lumabas ng Estados Unidos para sa isang biyaheng tatagal nang 30 araw o higit pa. Sabihin sa amin ang pangalan ng bansa o mga bansang plano ninyong bisitahin at ang petsa kung kailan kayo inaasahang aalis ng Estados Unidos. Padadalhan namin kayo ng mga espesyal na tagubilin sa pag-uulat at sasabihin namin sa inyo kung paano isaayos ang inyong mga benepisyo kapag nasa labas kayo ng bansa. Tiyaking ipaalam sa amin kapag bumalik kayo sa Estados Unidos.

Kung hindi kayo mamamayan ng U.S., at babalik kayo upang manirahan sa Estados Unidos, dapat kayong magbigay ng ebidensya ng inyong status bilang hindi mamamayan upang patuloy na makatanggap ng mga benepisyo. Kung nagtatrabaho kayo sa labas ng Estados

Unidos, ibang mga panuntunan ang nalalapat sa pagpapasya kung matatanggap ninyo ang mga benepisyong ito.

Para sa higit pang impormasyon, basahin ang *Your Payments While You are Outside the United States* (Publication No. 05-10137).

### Kung magbago ang inyong status bilang mamamayan

Kung hindi kayo isang mamamayan, ipaalam sa amin kung maging mamamayan ng U.S. kayo o kung magbago ang inyong status bilang hindi mamamayan. Kung mag-expire ang inyong immigration status, dapat ninyo kaming bigyan ng bagong ebidensya na nagpapakitang patuloy kayong naninirahan nang legal sa Estados Unidos.

### Kung mamatay ang isang benepisyaryo

Ipaalam sa amin kung namatay ang isang taong nakakatanggap ng mga benepisyo mula sa Social Security. Hindi kami makakapagbayad ng mga benepisyo para sa buwan ng kamatayan. Ang ibig sabihin nito, kung namatay ang tao sa buwan ng Hulyo, dapat ibalik ang tsekeng matatanggap sa buwan ng Agosto (na pagbabayad para sa buwan ng Hulyo). Kung natanggap ang pagbabayad sa pamamagitan ng direktang pagdeposito, abisuhan ang pinansyal na institusyon sa lalong madaling panahon upang maibalik nito ang anumang pagbabayad na natanggap pagkatapos ng kamatayan.

Maaaring maging kwalipikado ang mga miyembro ng pamilya na makatanggap ng mga benepisyo para sa mga survivor mula sa Social Security kapag namatay ang isang taong nakakatanggap ng mga benepisyo.

### Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo mula sa Social Security at Railroad Retirement

Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo mula sa Social Security at Railroad Retirement batay sa trabaho ng inyong asawa, at namatay ang inyong asawa, dapat ninyo itong sabihin sa amin kaagad. Hindi na kayo magiging kwalipikadong matanggap ang parehong benepisyo. Aabisuhan kayo kung anong benepisyo para sa survivor ang matatanggap ninyo.

## Pagtatrabaho at pagtanggap ng Social Security nang magkasabay

### Paano nakakaapekto ang mga kita sa inyong mga benepisyo

Maaari kayong magpatuloy sa inyong trabaho at makatanggap pa rin ng mga benepisyo para sa retirado mula sa Social Security. Ang inyong mga kita sa (at pagkatapos ng) buwan kung kailan ninyo maaabot ang edad ng ganap na pagreretiro ay hindi makakaapekto sa inyong mga benepisyo mula sa Social Security. Gayunpaman, babawasan namin ang inyong mga benepisyo kung lalampas sa mga partikular na limitasyon ang inyong mga kita para sa mga buwan bago ninyo maabot ang edad ng ganap na pagreretiro ninyo. (Ang ganap na edad ng pagreretiro ay 66 na taon at 4 na buwan para sa mga taong ipinanganak noong 1956 at bahagyang tataas sa 67 taong gulang para sa mga taong ipinanganak noong 1960 at mga susunod na taon.) Maaari kayong bumisita sa ***www.socialsecurity.gov/planners/retire/ageincrease.html*** upang makita ang inyong edad ng ganap na pagreretiro.

- Kung wala pa kayo sa edad ng ganap na pagreretiro, babawasan namin nang $1 ang mga benepisyo para sa bawat $2 na kikitain ninyo nang mahigit sa taunang limitasyon ($17,040 sa 2018).
- Sa taon kung kailan ninyo maaabot ang edad ng ganap na pagreretiro, babawasan namin ang inyong mga benepisyo nang $1 para sa bawat $3 na kikitain ninyo nang mahigit sa sa ibang taunang limitasyon ($45,360 sa 2018) hanggang sa maabot ninyo ang edad ng ganap na pagreretiro. Pagkatapos nito ay matatanggap ninyo ang mga buong

pagbabayad ng benepisyo ninyo mula sa Social Security, magkano man ang kinikita ninyo.

Kung wala pa kayo sa edad ng ganap na pagreretiro, at inihinto ang ilan sa inyong mga benepisyo dahil mahigit sa $17,040 ang inyong mga kita, may magandang balita. Pagkalipas ng humigit-kumulang isang taon matapos ninyong maabot ang edad ng ganap na pagreretiro, muli naming kakalkulahin at tataasan ang inyong mga benepisyo upang isaalang-alang ang mga buwan kung kailan hindi kayo nakatanggap ng mga benepisyo o nakatanggap kayo ng mga bawas na benepisyo.

Bukod dito, maaaring pataasin ng anumang sweldong matatanggap ninyo pagkatapos mag-sign up para sa Social Security ang mga kabuuang average na kita ninyo, at malamang na tumaas ang inyong benepisyo.

Para sa higit pang impormasyon, basahin ang *How Work Affects Your Benefits* (Publication No. 05-10069-TL).

## Isang espesyal na buwanang panuntunan

Kung minsan, ang mga taong nagreretiro sa kalagitnaan ng taon ay kumita na nang lampas sa taunang limitasyon ng mga kita. Ito ang dahilan kung bakit may inilalapat na espesyal na buwanang panuntunan sa mga kita para sa isang taon, na karaniwang sa unang taon ng pagreretiro. Sa ilalim ng panuntunang ito, maaari kayong makatanggap ng buong benepisyo mula sa Social Security para sa anumang buong buwan na kumita kayo nang mas mababa sa isang partikular na limitasyon, magkano man ang mga taunang kita ninyo.

Sa taong 2018, itinuturing namin ang isang taong hindi pa umaabot sa edad ng ganap na pagreretiro (66 na taon at 4 na buwan para sa mga taong ipinanganak noong 1956) bilang retirado, kung ang mga buwanang kita ay $1,420 pababa. Halimbawa, magreretiro si John Smith sa edad na 62 sa Agosto 30, 2018. Kikita siya nang $45,000 hanggang Agosto. Kumuha siya ng part-time na trabaho simula Setyembre, at kikita nang $500 kada buwan. Bagama't kapansin-pansing mas malaki ang kanyang mga kita para sa taon sa limitasyon sa taong 2018 ($17,040), makakatanggap siya ng bayad mula sa Social Security para sa buwan ng Setyembre hanggang Disyembre. Ito ay dahil ang kanyang mga kita sa mga buwang iyon ay mas mababa sa $1,420, ang espesyal na buwanang limitasyon sa "unang taon ng pagreretiro" para sa mga taong hindi pa umaabot sa edad ng ganap na pagreretiro. Kung kumita si G. Smith ng mahigit sa $1,420 sa alinman sa mga buwang iyon (Setyembre hanggang Disyembre), hindi siya makakatanggap ng benepisyo para sa buwang iyon.

Simula sa 2019, ang mga taunang limitasyon lang ang malalapat sa kanya dahil lampas na siya sa unang taon ng kanyang pagreretiro at nagamit na niya ang espesyal na buwanang panuntunan sa taong iyon.

Kung kayo ay self-employed, ibabase namin ang buwanang limitasyon sa kung nagsasagawa kayo ng mga kapansin-pansing serbisyo sa inyong negosyo. Kadalasan, kung magtatrabaho kayo nang mahigit sa 45 oras kada buwan bilang self-employed, hindi kayo makakatanggap ng mga benepisyo para sa buwang iyon.

## Kung nagkaroon kayo ng swelduhang trabaho

Binibilang ang mga sweldo sa limitasyon ng mga kita kung kailan kinita ang mga ito, hindi kung kailan ibinayad ang mga ito. Kung may sweldo kayong kinita ninyo sa loob ng isang taon, ngunit ipinagpaliban ang pagbabayad hanggang sa susunod na taon, hindi bibilangin ang mga kitang ito sa taon kung kailan ninyo natanggap ang mga ito. Ang ilang halimbawa ng ipinagpalibang kita ay ang naiipong bayad para sa pagkakasakit o pagbabakasyon, mga bonus, opsyon sa stock, at iba pang ipinagpalibang kabayaran. Kung makatanggap kayo ng mga kita sa isang taon para sa trabahong ginawa ninyo sa mga nakalipas na taon, dapat kayong makipag-ugnayan sa amin.

Mayroon kaming mga kasunduan sa Internal Revenue Service kung saan iuulat sa amin ng mga employer ang ilang uri ng ipinagpalibang kabayaran sa Form W-2. Ang mga halagang ito ay nasa kahong may label na “Mga hindi kwalipikadong plano.” Ibabawas namin ang halagang nakasaad sa kahon mula sa inyong kabuuang kita upang makapagpasya kung aling mga kita ang bibilangin namin para sa taong iyon.

## Kung kayo ay self-employed

Kung kayo ay self-employed, binibilang ang kita kung kailan ninyo ito aktwal na natanggap — hindi kung kailan ninyo ito kinita — maliban na lang kung ibinayad ito sa taon pagkatapos ninyong magkaroon ng karapatan sa Social Security at kinita bago kayo magkaroon ng karapatan sa Social Security. Halimbawa, kung nagsimula kayong makatanggap ng Social Security noong Hunyo 2017 at nakatanggap kayo ng pera noong Pebrero 2018 para sa trabahong ginawa ninyo noong Hunyo 2017, hindi ito ibabawas sa inyong limitasyon ng mga kita sa taong 2018. Gayunpaman, kung ang perang natanggap ninyo noong Pebrero 2018 ay para sa trabahong ginawa ninyo pagkatapos ng Hunyo 2017, ibabawas ito sa inyong limitasyon ng mga kita sa taong 2018.

## Pag-uulat sa inyong mga kita

Dahil maaaring makaapekto ang inyong mga kita sa inyong mga benepisyo mula sa Social Security, kailangan naming malaman kung gaano kalaki ang kinikita ninyo sa buong taon. Karaniwan naming nakukuha ang impormasyong iyon mula sa:

- Mga kitang inuulat ng inyong employer sa inyong W-2; at
- Mga kita ninyo bilang self-employed na nakaulat sa inyong income tax return.

Kailangan lang ninyong iulat ang inyong mga kita sa amin sa pagtatapos ng taon kung:

- Kwalipikado kayo para sa espesyal na buwanang panuntunan (tingnan ang pahina 9-10) at mas mababa sa buwanang limitasyon ang inyong kinita (kung ganoon, ipaalam sa amin upang mabayaran namin ang inyong benepisyo para sa buwang iyon);
- Ang bahagi o lahat ng kitang nakasaad sa inyong W-2 ay hindi kinita sa taong iniulat;
- Lampas sa limitasyon ang inyong mga sweldo, at mayroon din kayong net loss bilang self-employed;
- Nakasaad sa inyong W-2 ang mga sweldong iniulat ng employer na isasama ninyo sa self-employment tax return (halimbawa, mga ministro);
- Naghain kayo ng self-employment tax return, ngunit hindi kayo nagsagawa ng anumang serbisyo sa inyong negosyo, o inihahain ninyo ang inyong tax return ayon sa piskal na taon;
- Kayo ay magsasaka, at nakakatanggap kayo ng mga bayad mula sa pederal na programang pang-angrikultura, o kumikita kayo mula sa mga carryover na ani; o
- Inihinto namin ang ilang benepisyo, ngunit hindi kayo kumita sa taong iyon, o mas mababa ang kinita ninyo kaysa sa sinabi ninyo sa amin.

Kung kailangan naming isaayos ang halaga ng inyong benepisyo batay sa inyong ulat, sasabihin namin ito sa inyo. Mahalagang suriin ang impormasyon. Sa bandang gitna ng taon, maaari namin kayong padalhan ng sulat na humihiling sa inyong tantyahin ang inyong mga kita sa kasalukuyan at susunod na taon. Matutulungan kami ng inyong mga pagtatantya na maiwasang mabayaran kayo nang labis-labis o masyadong maliit na benepisyo.

***TANDAAN:*** *Kung nakakatanggap kayo ng mga pagbabayad ng Supplemental Security Income (SSI) bukod pa sa inyong mga benepisyo mula sa Social Security, dapat ninyong iulat ang lahat ng inyong kinikita.*

### Ang mga pagtatantya ng inyong mga kita at ang inyong mga benepisyo

Binago namin ang inyong mga benepisyo sa taong ito batay sa mga kitang sinabi ninyo sa amin na inaasahan ninyong matanggap ngayong taon.

Kung may ibang miyembro ng pamilya na nakakatanggap ng mga benepisyo batay sa inyong tala, maaaring makaapekto ang inyong mga kita sa kabuuan ng mga benepisyong natatanggap ng pamilya. Gayunpaman, kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo bilang isang miyembro ng pamilya, ang inyong mga benepisyo lang ang maaapektuhan ng inyong mga kita.

### Pagrerebisa sa pagtatantya ng inyong mga kita

Kapag nagtatrabaho kayo, dapat ninyong itabi ang inyong mga pay slip. Kung sa taong ito ay mapansin ninyong iba ang aktwal na halagang kikitain ninyo kumpara sa inyong tantya, dapat ninyo kaming tawagan upang baguhin ang pagtatantya. Matutulungan kami nito sa pagbabayad sa inyo ng tamang halaga ng mga benepisyo mula sa Social Security.

## Iba pang mahalagang impormasyon

### Mga benepisyo ng pagreretiro para sa mga biyuda o biyudo

Maaari kayong lumipat sa mga benepisyo para sa retirado batay sa inyong trabaho kung mas malaki ang mga ito kumpara sa natatanggap ninyo para sa pagtatrabaho ng inyong namayapa nang asawa. Maaaring mas lumaki ang mga benepisyong ito nang maaga sa edad na 62 o kaya naman ay nang huli sa edad na 70. Kumplikado ang mga panuntunan at nagbabagu-bago depende sa inyong sitwasyon. Kung hindi pa kayo nakikipag-usap sa isang kinatawan ng Social Security tungkol sa mga benepisyo para sa retirado (o kung nagkaroon ng pagbabago sa inyong sitwasyon), makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security upang talakayin ang mga opsyong mayroon kayo.

### Mga benepisyo para sa mga bata

Kung nakakatanggap ang isang bata ng mga benepisyo batay sa inyong trabaho, may mahahalagang bagay kayong dapat malaman tungkol sa kanyang mga benepisyo:

- **Kapag naging 18 taong gulang na ang bata**
  - —Hihinto ang mga benepisyo ng bata sa buwan bago siya maging 18 taong gulang, maliban na lang kung may kapansanan o full-time na mag-aaral ng elementarya o high school ang bata.
  - —Humigit-kumulang limang buwan bago ang ika-18 kaarawan ng bata, ang taong tumatanggap ng mga benepisyo ng bata ay makakatanggap ng form na nagpapaliwanag kung paano maaaring magpatuloy ang mga benepisyo.
  - —Kapag huminto ang mga benepisyong natatanggap ng isang bata sa edad na 18, maaaring simulang muli ang mga ito sa anumang edad kung mayroon siyang kapansanang nagsimula bago siya maging 22 taong gulang at natutugunan niya ang iba pang pamantayan ng mga pagbabayad na ito. Maaari ding magsimulang muli ang mga benepisyo kapag naging full-time na mag-aaral ng elementarya o high school ang bata bago siya maging 19 na taong gulang.
- **Kung may kapansanan ang bata**
  - —Maaaring patuloy na makatanggap ang bata ng mga benepisyo sa edad na 18 kung mayroon siyang kapansanan. Maaari ding maging kwalipikado ang bata para sa mga pagbabayad ng SSI para sa may kapansanan. Tawagan kami para sa higit pang impormasoyn.

- **Kung mag-aaral ang 18 taong gulang na bata**
    - —Maaaring makatanggap ang bata ng mga benepisyo hanggang sa edad na 19, kung patuloy siyang isang full-time na mag-aaral ng elementarya o high school. Kapag nataon ang ika-19 na kaarawan ng inyong anak sa termino ng panuruan, maaaring magpatuloy ang kanyang mga benepisyo hanggang sa matapos ang termino, o nang dalawang buwan pagkatapos ng ika-19 na kaarawan, alinman ang mauna.
    - —Sabihin kaagad sa Social Security kung ang mag-aaral ay huminto sa pag-aaral, naging part-time mula sa pagiging full-time, pinatalsik o nasuspinde, o lumipat ng paaralan. Sabihin din sa amin kung binabayaran ang mag-aaral ng kanyang employer para sa pagpasok sa paaralan.
    - —Pinapadalhan namin ang bawat mag-aaral ng isang form sa simula at pagtatapos ng taon ng panuruan. Mahalagang sagutan ang form at ibalik ito sa amin. Maaari naming ihinto ang mga benepisyo kung hindi namin matatanggap ang form.
    - —Maaaring patuloy na makatanggap ng mga benepisyo ang isang mag-aaral sa panahon ng bakasyon na tatagal nang apat o wala pa, kung plano niyang bumalik sa pag-aaral nang full time sa pagtatapos ng bakasyon.
    - —Maaaring muling makatanggap ng mga benepisyo ang isang mag-aaral na huminto sa pagpasok sa paaralan, kung mag-aaral siyang muli nang full time bago siya maging 19 na taong gulang. Kailangang makipag-ugnayan sa amin ng mag-aaral at muling mag-apply para sa mga benepisyo.

***Tandaan:*** *Maaaring makatanggap ng mga benepisyo ang isang batang tapos nang mag-aral kung mayroon siyang kapansanan na nagsimula bago pa siya maging 22 taong gulang. Maaari ding maging kwalipikado ang bata para sa mga pagbabayad ng SSI para sa may kapansanan. Tawagan kami para sa higit pang impormasyon.*

- **Paano nakakaapekto ang pakikipagdiborsyo sa mga benepisyo ng isang stepchild**
    - —Kung ang isang stepchild ay nakakatanggap ng mga benepisyo batay sa inyong trabaho, at nagdiborsyo kayo ng magulang ng bata, magwawakas ang benepisyo ng stepchild sa buwan na maging pinal ang diborsyo. Dapat ninyong sabihin sa amin sa sandaling maging pinal ang diborsyo.

## Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP)

Maaaring kayong makatanggap ng tulong sa pagkain sa pamamagitan ng Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP), na dating tinatawag na mga food stamp. Bumisita sa ***www.fns.usda.gov/snap*** upang malaman kung paano mag-apply. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang *Supplemental Nutrition Assistance Program Facts* (Publication No. 05-10101-TL). Para sa impormasyon tungkol sa iba pang programa ng nutrisyon na maaaring available sa inyo, basahin ang *Nutrition Assistance Programs* (Publication No. 05-10100). Available ang parehong publication sa ***www.socialsecurity.gov/pubs***.

## Maaari ba kayong makakuha ng SSI?

Kung mayroon kayong limitadong kita at mga mapagkukunan, maaari kayong matulungan ng SSI. Ang SSI ay isang pederal na programang pinamamahalaan namin. Ang mga pangkalahatang kita at hindi mga buwis sa Social Security ang nagpopondo sa programa ng SSI.

Nagbabayad ang SSI ng mga buwanang tseke sa mga taong may kakaunting mapagkukunan na 65 taong gulang na pataas, o na bulag o may kapansanan. Kung nakakatanggap kayo

ng SSI, maaari din kayong maging kwalipikado para sa Medicaid, SNAP, at iba pang serbisyong panlipunan.

Hindi namin bibilangin ang ilang porsyento ng kita at ilang mapagkukunan sa pagpapasya namin kaugnay ng kwalipikasyon ninyo sa SSI. Halimbawa, karaniwang hindi binibilang ang inyong bahay at kotse bilang mga mapagkukunan. Tawagan kami para sa higit pang impormasyon o upang mag-apply para sa SSI.

### Kung hindi kayo sumasang-ayon sa aming pagpapasya

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa halaga ng ibinabayad sa inyo, o tungkol sa impormasyong ibinibigay namin sa inyo, makipag-ugnayan sa amin.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa aming pagpapasya, may karapatan kayong hilingin sa amin na muli itong pag-isipan. Dapat ay nakasulat ang inyong kahilingan, at dapat itong ihain sa anumang tanggapan ng Social Security sa loob ng 60 araw mula sa petsa kung kailan ninyo matatanggap ang sulat na gusto ninyong iapela.

Kung hindi pa rin kayo nasisiyahan, may mga karagdagang hakbang na maaari ninyong gawin. Basahin ang *Your Right to Question The Decision Made on Your Claim* (Publication No. 05-10058-TL).

### Ang inyong karapatang magkaroon ng kinatawan

Magagawa ninyong ituloy ang sarili niyong apela sa libreng tulong ng Social Security, o maaari ninyong piliin na tulungan kayo ng isang kinatawan. Maaari namin kayong bigyan ng impormasyon tungkol sa mga organisasyong makakatulong sa inyo sa paghahanap ng kinatawan.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpili ng kinatawan, basahin ang *Your Right to Representation* (Publication No. 05-10075-TL).

### Pagprotekta sa inyong personal na impormasyon

Dapat ninyong itabi ang inyong Social Security card sa isang ligtas na lugar kasama ng iba pa ninyong mahahalagang papeles. Huwag itong dalhin maliban na lang kung kailangan ninyo itong ipakita sa isang employer o service provider.

Ang Social Security ay mayroong personal at kumpidensyal na impormasyon — mga pangalan, Social Security number, tala ng mga kita, edad, at address ng benepisyaryo — ng milyun-milyong tao. Kadalasan, kayo lang ang kakausapin namin tungkol sa inyong impormasyon. Kapag tumawag o bumisita kayo sa amin, mayroon kaming ilang tanong para sa inyo upang makumpirma ang inyong pagkakakilanlan. Kung gusto ninyong tulungan kayo ng isang tao pagdating sa mga usaping nauugnay sa inyong Social Security, kailangan namin ng inyong pahintulot upang talakayin ang inyong impormasyon kasama ng taong iyon.

Hinihikayat namin kayong ingatan ang inyong Social Security number at protektahan ang pagkakumpidensyal nito kapag posible.

Nakatuon kami sa pagprotekta sa privacy ng inyong mga tala. Kapag inatasan kami ng batas na ibigay ang inyong impormasyon sa iba pang ahensya ng pamahalaan na nangangasiwa ng mga programa para sa kalusugan o kapakanan, gaya ng Medicaid at SNAP, hindi pinapayagan ang mga ahensyang iyon na ibahagi ang impormasyong iyon sa sinumang iba pang tao.

## Tungkol sa Medicare

Ang Medicare ay isang plano ng health insurance para sa mga taong 65 taong gulang na pataas. Maaaring makatanggap ng Medicare ang mga taong may kapansanan, o may permanenteng pagpalya ng bato o amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease), anuman ang edad nila.

## May apat na bahagi ang Medicare

- Tumutulong ang Part A ng Medicare (insurance sa ospital) sa pangangalaga sa ospital ng inpatient at ilang partikular na follow-up na serbisyo.
- Tumutulong ang Part B ng Medicare (medikal na insurance) sa pagbabayad para sa mga serbisyo ng mga doktor, pangangalaga sa ospital ng outpatient, at iba pang medikal na serbisyo.
- Available ang Part C ng Medicare (mga Medicare Advantage plan) sa maraming lugar. Maaaring piliin ng mga taong may Part A at B ng Medicare na matanggap ang lahat ng kanilang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng isang pribadong kumpanya ng insurance na inaprubahan ng Medicare upang ibigay ang pagsaklaw na ito.
- Tumutulong ang Part D ng Medicare (pagsaklaw sa inireresetang gamot ng Medicare) sa pagsaklaw sa halaga ng mga inireresetang gamot.

## Sino ang kwalipikado para sa Part A ng Medicare?

Maraming tao ang nakakatanggap ng Part A pagtunton nila sa edad na 65. Awtomatiko kayong magiging kwalipikado para dito kung kwalipikado kayong makatanggap ng mga benepisyo ng Social Security o Railroad Retirement Board. O kaya, maaari kayong maging kwalipikado batay sa trabaho ng inyong asawa (kasama ang diniborsyong asawa). Ang iba ay nagiging kwalipikado dahil mga empleyado sila ng pamahalaan na hindi nasasaklawan ng Social Security ngunit nagbayad ng buwis ng Medicare.

Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo para sa may kapansanan mula sa Social Security sa loob ng 24 na buwan, kwalipikado kayo para sa Part A.

Kung nakakatanggap kayo ng ma benepisyo para sa may kapansanan dahil mayroon kayong amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease), hindi ninyo kailangang maghintay nang 24 na buwan upang maging kwalipikado.

Bukod dito, kwalipikado sa Part A ang mga taong may permenenteng pagpalya ng bato na nangangailangan ng maintenance dialysis o pag-transplant ng bato, kung sapat na ang tagal ng kanilang pagtatrabaho o kung mayroon silang magulang o asawang sapat na ang tagal ng pagtatrabaho.

## Sino ang kwalipikado para sa Part B ng Medicare?

Maaaring makatanggap ng Part B ang sinumang kwalipikado para sa Part A. Ang Part B ay opsyonal at karaniwan ay may dapat kayong bayarang buwanang premium. Para sa taong 2018, ang pamantayang buwanang premium ay $134.00. Ang ilang taong may mas malalaking kita ay nagbabayad ng mas matataas na premium.

## Sino ang maaaring makatanggap ng Part C ng Medicare?

Maaaring sumali ang sinumang taong may Part A at Part B ng Medicare sa isang Medicare Advantage plan. Kasama sa mga Medicare Advantage plan ang:

- Mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medicare
- Mga Medicare preferred provider organization (PPO) plan
- Mga pribadong plano na may bayad kada serbisyo ng Medicare
- Mga planong may pinagtutuunang espesyalidad ng Medicare

Bukod sa karagdagan sa premium ng inyong Part B, maaaring kailanganin niyong magbayad ng isa pang buwanang premium dahil sa mga karagdagang benepisyo na inaalok ng Medicare Advantage plan.

## Sino ang maaaring makatanggap ng Part D ng Medicare?

Ang sinumang taong may Part A o Part B ng Medicare ay kwalipikadong makatanggap ng pagsaklaw sa inireresetang gamot. Opsyonal ang insurance sa inireresetang gamot, at magbabayad kayo ng karagdagang buwanang premium para sa pagsaklaw. Ang ilang taong may mas malalaking kita ay nagbabayad ng mas matataas na premium. Maraming tao ang nakakatanggap ng pagsaklaw ng Part D sa pamamagitan ng isang Medicare Advantage plan.

Para sa higit pang impormasyon, basahin ang *Medicare* (Publication No. 05-10043-TL).

## Kailan ako dapat mag-apply para sa Medicare?

Kung hindi pa kayo nakakatanggap ng mga benepisyo, dapat kayong makipag-ugnayan sa Social Security humigit-kumulang tatlong buwan bago ang inyong ika-65 kaarawan upang mag-sign up para sa Medicare. Dapat kayong mag-sign up para sa Medicare kahit na hindi ninyo planong magretiro sa edad na 65.

Kung nakakatanggap na kayo ng mga benepisyo mula sa Social Security o mga tseke mula sa Railroad Retirement Board, makikipag-ugnayan kami sa inyo ilang buwan bago kayo maging kwalipikado para sa Medicare at padadalhan namin kayo ng impormasyon. Kung nakatira kayo sa isa sa 50 estado, Washington, D.C., Northern Mariana Islands, Guam, American Samoa, o sa U.S. Virgin Islands, awtomatiko namin kayong ipapatala sa Part A at B ng Medicare. Gayunpaman, dahil dapat kayong magbayad ng premium para sa pagsaklaw ng Part B, maaari ninyong piliing tanggihan ito.

<u>Hindi</u> namin kayo awtomatikong ipapatala sa isang plano sa inireresetang gamot ng Medicare (Part D). Ang Part D ay opsyonal at dapat ninyong piliin ang pagsaklaw na ito. Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa Medicare, bisitahin ang website o tawagan ang toll-free na numerong nakalista sa ibaba.

| | |
|---|---|
| **Medicare** | Website: ***www.Medicare.gov***<br>Toll-free na numero: **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**)<br>TTY na numero: **1-877-486-2048** |

***MGA PAALALA:*** *Kung hindi kayo magpapatala sa Part B at Part D sa unang pagkakataong maging kwalipikado kayo, maaari kayong magbayad ng multa para sa huling pagpapatala hangga't mayroon kayong saklaw ng Part B at Part D. Bukod dito, maaaring kailanganin ninyong maghintay upang magpatala, na makakaantala sa pagsaklaw. Ang mga residente ng Puerto Rico o mga dayuhang bansa ay hindi awtomatikong makakatanggap ng Part B. Dapat nilang piliin ang benepisyong ito.*

## Health Savings Accounts (HSA) at Medicare

Kung mayroon kayong HSA kapag nag-sign up kayo para sa Medicare, hindi kayo makakapag-ambag sa inyong HSA sa sandaling magsimula ang inyong pagsaklaw ng Medicare. Kung magdaragdag kayo sa inyong HSA pagkatapos magsimula ng inyong pagsaklaw sa Medicare, maaaring kailanganin ninyong magbayad ng multa sa buwis. Kung gusto ninyong magpatuloy sa pag-aambag sa inyong HSA, hindi dapat kayo mag-apply para sa mga benepisyo ng Medicare, Social Security, o Railroad Retirement Board (RRB).

***MGA PAALALA:*** *Magsisimula ang walang premium na pagsaklaw ng Part A anim na buwan bago ang petsa kung kailan kayo nag-apply para sa Medicare (o mga benepisyo ng Social Security/RRB), ngunit hindi nang mas maaga sa unang buwan na kwalipikado kayo para sa Medicare. Upang iwasan ang multa sa buwis, dapat kayong huminto sa pag-aambag sa inyong HSA nang anim na buwan o mas matagal pa bago kayo mag-apply para sa Medicare.*

### “Karagdagang Tulong” sa mga gastos sa inireresetang gamot ng Medicare

Kung limitado ang inyong kita at mga mapagkukunan, maaari kayong maging kwalipikado para sa Karagdagang Tulong upang mabayaran ang inyong mga inirerestang gamot sa ilalim ng Part D ng Medicare. Ang tungkulin ng Social Security ay tulungan kayong maunawaan kung paano kayo maaaring maging kwalipikado at magproseso ng inyong aplikasyon para sa Karagdagang Tulong. Upang malaman kung kwalipikado kayo o upang mag-apply, tumawag sa toll-free na numero ng Social Security, o bumisita sa aming website.

### Tulong sa iba pang gastos sa Medicare

Kung mayroon kayong limitadong kita at kaunting mapagkukunan, maaaring bayaran ng inyong estado ang mga premium ng Medicare at, sa ilang pagkakataon, iba pang medikal na gastusing “galing sa ibang bulsa,” gaya ng mga deductible at coinsurance.

Ang inyong estado lang ang makakapagpasya kung kwalipikado kayo para sa tulong sa ilalim ng programang ito. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa inyong tanggapan ng Medicaid, mga serbisyong panlipunan, o mga serbisyong pangkalusugan o pangmamamayan. Bumisita sa ***Medicare.gov/contacts***, o tumawag sa **1-800-MEDICARE** (TTY: **1-877-486-2048**) upang makuha ang kanilang mga numero ng telepono.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba’t ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24

oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10077-TL | January 2018
Ang Kailangan Ninyong Malaman Kapag Nakatanggap Kayo ng Mga Benepisyo para sa Retirado o Mga Survivor
What You Need to Know When You Get Retirement or Survivors Benefits (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito